
Katha't Guhit ni RUBEN YANDOC
...SA BAWAT GUBAT AY MAY AHAS...MAY MGA IMBI...AT MGA NILIKHANG KATUTUBONG...
TRAIDOR
IKA-10 LABAS
Nakaraan:
NAKALIMOT ANG DALAWA SA KANILANG SUMPA AT SILA'Y NAGYAKAP, SUBALI'T SAGLIT LAMANG IYON. KAAGAD NA NAGYAYA ANG BINATANG SILA'Y UMUWI NA. NADAANAN NILA ANG MGA PILYONG KABINATAAN AT PINASARINGAN NG MAHAHAYAP NA SALITA SI SATURNINO. NILAPITAN NG BINATA ANG MGA IYON AT PINAKIUSAPAN, NGUNI'T LALO LAMANG SIYANG HINAMAK AT PINAGTAWANAN. ...IM ANG MGA BAGANG NA NAGPIGIL ANG BINATA...
INILAYO NI SATURNINO ANG DALAGA AT NAGPALINGA-LINGA. ISANG KAPIRASONG BAKAWAN ANG DINAMPOT NITO, AT...
DIYAN KA MUNA, ANITA! SANDALI LANG AKO!
SATURNINO! DIYOS KO...!
BINALIKAN NG BINATA ANG PONDUHAN, AT...
PACIO, SANDALI NGA..
ABA...TALAGANG NAGHAHANAP NG SAKIT NG KATAWAN 'TONG SI BAHO, OO! AKALA KO'Y UMALIS KA NA! TEKA NGA...!
TIRAHIN MO NA, PARENG PÁCIO!
MAGTAKIP KA MUNA NG ILONG, PACIO, BAGO MO BUNTALIN! ANG BAHO NIYAN! HA-HA-HA!


PAGLAPIT NA PAGLAPIT NI PACIO, AY...
TEKA NGA MUNA... IKAW BA'Y TALAGANG... ARAY! ANIMAL! TRAIDOR! ARUY!
UH! UH! UH!
PAK
AT, PAGKATAPOS, BIGLANG SINUGOD NI SATURNINO ANG MGA KASAMAHAN NI PACIO, AT...
ARAY KO POOO! ANG PIGSA KO!
UH! UH! SIGE, BAKIT DI KAYO LUMABAN NGAYON!
MATUTULIN PA SA KOTSENG NAGPANAKBUHAN ANG MGA BARKADA NI PACIO...
MGA DUWAG! MAGBALIK KAYO! MAGBALIK KAYO!
NGUNI'T NI ISA'Y WALANG NAGBALIK UPANG HARAPIN ANG GALIT NA GALIT NA BINATA. MARAMING ARAW ANG MATULING NAGDAAN. ISANG GABI...
SAAN KO KAYA NAITAGO ANG LUMANG LIHAM NI TIYO PORONG! HUWAG NA LAMANG SANANG MAWALA IYON. DOON NASASALALAY ANG PAG-ASA KONG MAGING MARIWASA SA BUHAY!
MAYA-MAYA...
A... ETO, ETO NGA!
at kung ibig ninyo,
kuya Pentong, yaman din
lamang wala kaming
anak ni Asiang ko, ay
pamalagiin na ninyo ri-
to si Saturnino nang
makapag-aral naman
ang bata.
Hanggang dito na la-
mang, kuya Pentong...
inaasahan kong pag-
uukulan ninyo ng pan-
sin ang aking mungkahi.
Ang iyong kapatid,
Porong
SI TIYO PORONG! SA MAYNILA... MAKIKIPAGSAPALARAN AKO SA MAYNILA...! KUNG MAMAMALAGI AKO RITO, HINDI MATUTUPAD ANG PANGARAP KONG MAGING MAYAMAN!
ITUTULOY